

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE  
WITH DEPARTMENT OF TRANSPORTATION SECRETARY ARTHUR TUGADE,  
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT SECRETARY SILVESTRE BELLO III,  
AND LTFRB CHAIRMAN MARTIN DELGRA  
JUNE 2, 2020 (12:04 - 1:22 P.M.)**

**SEC. ROQUE:** Magandang tanghali buong Pilipinas. Nasa ikalawang araw na po tayo ng GCQ at MGCQ. Umpisahan po natin ang ating briefing ngayong araw sa balitang IATF.

Nagpulong po kahapon ang mga miyembro ng IATF, at ito po ang mga mahahalagang bagay na kanilang napagkasunduan.

Una po, iyong in-adopt ng IATF ang safe pass for COVID-19 prevention and incident management platform sa lahat ng business establishments.

Pangalawa, pinayagan na po ang dine-in operations pero hindi po nangangahulugang piyesta at inuman na. At sa ngayon po ang dine-in ay para lamang sa MGCQ; Kailangan pa rin sumunod ng minimum public health standards protocol; Puwede pa ring ipasara ang outlet kapag hindi sumusunod sa itinakda ng DTI at DOT na siyang maglalagay ng post audit mechanism.

Kaya sa araw na ito, ipipresenta natin ang salient points o mahahalagang punto ng DTI guidelines on minimum health protocols for dine-in restaurants and fast food establishments; maglalabas ngayong araw ang DTI ng memorandum circular ukol dito.

Para sa non-single use menu, sa pagpasok, dapat siya ay i-escort sa assigned table na may corresponding number. Pipili ng order sa menu na nakalagay sa mesa o sasabihin sa order taker na may isang metro na social distancing. Ang customer at server ay kailangang mag-sanitize ng kamay pagkatapos mag-order at magbayad.

Sa pag-setup ng service station, walang buffet at self-service areas para sa food bars, condiments at utensils. Mag-designate lang ng lugar sa take-away or pickup. Ihiwalay na lababo para sa handwashing ng kitchen staff at ng dine-in customers. Contactless na drive-thru counters, pagsara ng play areas.

Ito naman ang mandatory procedures sa paglabas: Walang physical contact habang nagbabayad. Maglagay ng maliit na tray sa pagtanggap ng pera. Mag-alok ng alternative modes of payment kung applicable. Regular na sanitation ng high contact areas tulad ng hawakan ng pinto, common tables at iba pa. Ang manager on duty ay dapat siguraduhin ang pagsunod na may minimum public health standards.

Sa mga lugar na dineklara na nasa ilalim ng Modified General Community Quarantine, dine-in restaurants ay pinapayagang mag-operate nang 50% capacity simula June 1, 2020. Pero sa lugar na nasa ilalim ng GCQ, pakihintay po ang announcement para sa mga date ng reopening. So nag-hihintay pa po tayo kung kailan puwedeng magkaroon ng dine-in sa GCQ areas.

Pumunta naman tayo po sa COVID-19 updates. Ano po ang sitwasyon ng COVID-19 sa Pilipinas? Ayon sa pinakahuling datos ng DOH, nasa 18,638 na ang mga kaso ng COVID-19 sa Pilipinas. Patuloy ang magandang numero ng recoveries – may 3,979 recoveries kahapon samantalang nasa 960 naman ang mga namatay sa COVID-19. Tatlo po sa mga namatay ang naitala kahapon. Sana po dumating ang araw na wala na pong balitang mayroong namatay sa COVID-19. Mangyayari po ito kung patuloy nating susundin ang minimum health standards na itinakda ng ating health officials.

Bago po tayo tumanggap sa ating resource persons, gusto ko ring ipaalam sa lahat na kanina ay nagsalita na po si DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire at kaniyang nilinaw na hindi lamang po natin naabot ang 30,000 target testing capacity daily. Lumampas na po tayo with 34,000, with 49 accredited laboratories pero hindi po natin ito nama-maximize kasi ayon sa DOH, may problema pa rin sa mga supply at equipment.

Parang ganito po iyon: Mayroon po tayong isang van na ang capacity ay labindalawa. Hindi naman po ibig sabihin na sa araw-araw ay may sakay siyang labindalawa – puwedeng may araw na sampu o minsan walo – ang punto po ay kaya nating magsakay hanggang labindalawa. So kaya na po nating mag-test hanggang 34,000 a day bagama't ang daily test rates po talaga ay magbabago at hindi po pare-pareho.

So bago po tayo tumanggap ng questions, mayroon po tayong dalawang bisita ngayon – ang Kalihim po ng Department of Transportation, Secretary Tugade at ang Kalihim ng Department of Labor, Secretary Bello. Malacañang Press Corps, ihanda ninyo na ang inyong mga tanong sa dalawa sa pinakamagagaling na miyembro ng Gabinete.

Mayroon ba ho kayong opening statements?

**SEC. TUGADE:** Magandang tanghali ho sa inyong lahat. Una ho, may mandato ang Kagawaran ng Transportasyon na kung saan nasasaad at sinasabi na kami ay mandated to provide forms of transportation to assure the convenience and mobility of the traveling public, ito ho iyong mandato ng Kagawaran ng Transportasyon.

Pero ngayon ho sa kadahilanang nangyayari iyong tinatawag na pandemic COVID-19, mayroon ho kaming bagong responsibilidad, ang responsibilidad na iyon ay nagsasabi na sa aming hangarin na tuparin ang aming mandato sa transportasyon, kailangan ho gawin namin ang paraan at nauukol upang iyong spread ng tinatawag na virus ay mahinto, matigil at mawakasan. Ito ho iyong balanseng aming ginagawa sa pagganap ng aming katungkulan.

Kaya nga po ang approach ng Department of Transportation ay mag-provide kami ng isang sistema, proseso at kaganapan na tinatawag namin gradual, partial, calculated and limited.

Kaya nga po iyong mga ginagawa namin ngayon are all along this line: It is gradual, it is calculated, limited and partial. Sabihin ko lang po na iyong pag-transition ng National Capital Region from the ECQ to GCQ, ang ibig hong sabihin nito ay hindi binigyan tayo ng lisensiya o lisensiyado tayong lumabas kung kailangan natin gusto.

In fact, bagama't nasa GCQ na tayo, mayroon pa rin hong kuwarantina. Kaya nga ba't tayo ay pinakikiusapan ng ating pamahalaan, ng ating administrasyon na sa ating pagbalangkas ng kuwarantina, kailangan lang ho tumupad tayo sa mga protocol na inilunsad at inilahad ng IATF, kasama na ho iyong Department of Health. Kaya nga ho ang sinasabi natin, hindi ho lisensiya ito para lumabas, ito ho ay lumabas ka lang to pursue essentials.

Balangkasin ho natin iyong sa hanapbuhay. Hindi ho ibig sabihin nasa GCQ tayo, lahat tayo ay puwede nang lumabas at maghanap-buhay, hindi ho ganiyan. Nakikiusap ang administrasyong Duterte at ang pamahalaan na kung saan sinasabi namin sa mga employer, please lang employer, huwag papasukin lahat ng empleyado; tumupad tayo, 50% kung maaari lamang.

Sinasabi namin please lang employer, humanap kayo ng pamaraan na kung saan iyong oras at araw ng paghahanapbuhay ay diktado. Puwede tayong magkaroon ng flexitime, puwede tayong magkaroon noong tinatawag na work-from-home. Mayroon tayong pagkakataon na kung saan mayroon tayong 4-day workweek, kagaya ng ginagawa sa Kagawaran ng Transportasyon. Ito ho ay lahat—nagsusumamo ang pamahalaan at administrasyon: “Mr. Employer, please do all these”.

At sinasabi po namin, noong nakaraan sinabi ng DTI, kung kayo ay magbubukas ng kaganapan ng paghahanapbuhay, kailangan ninyo lang iyong mga employer ay mag-provide ng means of communications and transportation, kagaya ng shuttle bus. Ito ho, sambot at sama-sama tayong magkapit-bisig nang sa ganoon ma-address natin iyong tinatawag na balancing act in the performance of our mandate as transportation. We provide the modes of transportation as we balance that with our responsibility to make sure that the spread of the virus is contained, mitigated and totally removed.

Iyan lang po at I'm looking forward to our fruitful dialogue.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Secretary Art Tugade. At siyempre naman po ang Kalihim ng Department of Labor and Employment, Secretary Bebot Bello.

**SEC. BELLO III:** Thank you, Secretary Harry; my friend, Secretary Art. Alam ko hindi ninyo interes ito eh kasi ito ay tungkol sa mga OFW natin. If you recall, may utos ang ating Pangulo noon, starting May 25 sabi niya, *“Mayroon tayong 24,000 OFWs na stranded sa iba't ibang hotels, including iyong mga temporary quarantine facilities. I want them home. I want them home within one week.”*

And medyo nagulantang kami doon dahil napakahirap noon ‘no kasi unang-una, we have to address iyong problem of iyong quarantine, testing, another testing, at hindi natin ma-control

iyon. Notwithstanding that, ay pinilit namin at nagkaroon ako ng daily report kay Secretary Harry kung ilan every day at noong as early as May 29, nag-report na ako kay Secretary Harry, ‘ika ko, “Sec. Harry, mayroon na kaming napauwi na 19,010 na OFWs.” Mayroon pa akong kulang na 5,000 plus. So sabi ko, palagay ko makakayanan namin ito. And every day thereafter, kinakabahan na ako kasi hindi pa namin ... as late as May 30, kulang pa kami ng tatlong libo. Then came 31 ng gabi, sabi sa akin—umaga pala, six o’ clock in the morning of May 31, sabi, “Sir, mayroon na tayong 23,000 plus.” Sabi ko kulang pa iyan, “Sir, mamaya, hintayin ninyo iyong mga 2 to 3, may makakauwi na ano, mga by land at saka iyong mga sinusundo ng mga kamag-anak.”

True enough, at four o’ clock nag-report sa akin si Administrator Cacdac. Sabi niya, “Sir, kaya iyong 24,000.” Sabi ko, naginghawaan ako. So at 11 o’ clock, on the eve of May 31 dumating ang balita, “Sir, 24,000 na tayo, twenty-four thousand thirty eight,” agad-agad pinadalhan ko si Secretary Harry, pinadalhan ko si Secretary Medialdea at saka si Senator Bong Go just to keep them informed.

So as late as 11 o’ clock late in the evening of May 21, naabot na po namin iyon. And then the following day, mayroon pa kaming naabot. So total: nakapauwi kami, as of June 1, 25,002 – 10,100 by air; 7,900 by land; and 385 lang by sea. Okay, kasi medyo mabagal iyon eh, mas mabilis iyong ano.

Anyway, maliban doon, mayroong 6,576 OFWs na sinundo ng kani-kanilang mga kamag-anak. Pinuntahan sila sa mga hotel. Mayroon namang certificate from the Bureau of Quarantine na negative sila, so pumayag na kami; pinauwi na sila. So that recons for about 6,576, a total of 25,000. Sabi ko kay Sec. Harry, “Sec. Harry, mission accomplished!”

So anyway, alam ko na this is also of great interest to many of you kasi ang daming nagtatanong: ilan ba ang ating mga OFWs affected by COVID-19? Okay, we have here a record of 343,551 OFWs affected. What we mean by affected, either they were displaced because of COVID or mayroong tinamaan talaga ng COVID.

Now, our record will show na doon sa 343,551, mayroong na-displace na OFWs about 341,161 – medyo serious iyon. Pero ang mas serious, 2,390 ang affected by COVID-19. And then more serious of 2,390, seventy-two died sa ating mga kababayan.

Pero mayroon ding good news: Naka-recover ang 678; and active cases, 1,640.

Now, if you recall Sec. Harry, I reported about one week ago, sinabi ko that we are expecting 42,000 OFWs being repatriated within the month of May up to the month of June – that’s 42,000, talagang big order iyon. So fortunately, we received report from our labor office abroad, by our labor attaché and they informed us, “Sir,” sabi nila, “doon sa 42,000 OFWs, ang mapapauwi lang natin ay 16,679.” Why? Kasi sila lang ang nakakumpleto ng mga papeles, iyong tinatawag nilang ‘iqama’ or iyong exit visa, iyong kanilang clearances from their employers at saka siyempre iyong ticket nila pauwi.

So only 16,679 will be coming in; and some have come in already. Mayroon nang dumating mga around ... by this time siguro lagpas na ng 1,000. So ang darating lang within the month of May and June, 16,679. Kaya kahapon doon sa Inter-agency Task Force, nakiusap ako na kung maaari ay makipag-meet ako kay Secretary Tugade para sa kaniyang mga sasakyan – eroplano, barko at saka buses. Kung minsan kasi iyong mga buses ni Secretary Tugade ay namimili eh. Akalain mo gusto nila puro southbound, ayaw nilang pumunta sa amin kasi daw iyong daan papuntang sa—sabagay, tagaroon din si Secretary Tugade—eh rough road at saka ibang terrain, hindi kagaya sa southbound na puro patag.

So iyon ang pakikiusap ko kay Secretary Tugade, to provide the transportation facilities. And then, sinama ko po sa invitation si Secretary Berna of Tourism kasi kakailanganin naman namin iyong mga hotels niya, mga motels niya, mga pension houses niya, mga inns niya. Kailangan namin iyon para naman doon sa 16,000 na darating.

And of course, I also asked Secretary Charlie who is the Chief Implementer to help us in the, again, iyong quarantine and testing either by PCR or rapid testing kasi kailangan na kailangan natin iyan. I don't want, again, iyong incident na nai-stranded iyong 24,000 to happen again. Nakakaano talaga, nakakaawa iyong ating mga OFWs. Hindi ko talaga masabi how I felt for them. Some of them were—in fact, somebody, a lady was calling me. Sabi ko, “Saan ka ba?” Sabi sa akin, “*Sir, andito ako sa SOGO.*” [laughs] Sabi ko, “Anong ginagawa mo diyan?” “*Sir, dito ako nilagay eh ilang beses na akong na-swab, palaging negative pero hindi pa ako nauwi.*” Sabi ko, “Bakit ka hindi kinukuha?” “*Ewan ko, sir, walang dumarating.*” So I called up Administrator Hans, sabi ko, “*Administrator, mayroong isang babae sa SOGO eh mag-iisang mahigit na siya. You better go and get her.*” Fortunately, napuntahan agad ni Administrator Cacdac at naiuwi niya.

So iyon ang ating trabaho ngayon. Sec. Tugade, pakiusap, tulungan mo akong pauwiin na itong 16,679. Mayroon ka kasing suggestion eh, Sec. Tugade, na bago umalis sa point of origin, iyong country of origin, sabi ni Sec, para mapa-facilitate iyong quarantine dito, magpa-test na sila doon. That is a suggestion from a very experienced official. Siguro mas mabuti na ano, malaman natin later on kung ano talaga iyong intention niya tungkol doon sa testing from the point of origin.

Thank you po. Thank you very much.

**SEC. ROQUE:** Salamat, Secretary Bello. Punta na tayo sa mga tanong galing sa Malacañang Press Corps. Trish Terada, CNN – pakisabi kung kanino iyong tanong.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Opo. Good afternoon po. Sir, may first two questions are for you. Bale po ang una ko po sanang topic is about the Social Amelioration Program. Kasi po nabanggit po ni Pangulong Duterte sa kaniyang 10<sup>th</sup> report last night na 1,200 LGUs na po iyong nakapag-submit ng kanilang list ng waitlisted or left-out beneficiaries.

Sir, hingi lang po sana kami ng update if there is now a specific timeline or deadline kung kailan po masisimulan itong pamimigay ng second tranche ng Social Amelioration Program, kasi po tapos na po iyong ECQ and we are now on GCQ po?

**SEC. ROQUE:** Well, uulitin ko lang po 'no, iyong second tranche na ibibigay sa 12 million na nanatili sa ECQ or sa MECQ noong pangalawang buwan ng ating ECQ, maibibigay pa rin po iyan maski nasa Hunyo na tayo. So marami po kasi talagang naglilinaw niyan kung dahil GCQ na sa Hunyo, makakakuha pa ba sila. Ang basehan po, ano iyong classification ng lugar ninyo noong pangalawang buwan ng ECQ at MECQ. Kung kayo po ay nakatira sa lugar na ECQ at MECQ, mabibigyan pa rin po kayo maski buwan na ng Hunyo.

Now, kahapon po nandito rin si Secretary Año, hindi siya makapagsabi kung kailan talaga magsisimula 'no. Pero sa report nga, halos lahat naman ay nakapag-liquidate na, inaayos lang po iyong electronic transfer dahil nais natin ngayong mapabilis.

So konting antay na lang po. Alam ko po na hindi pa nagsisimula, pero kapag nagsimula po iyan, naku po, napakabilis naman po niyan dahil we will rely primarily on electronic transfers.

Next question po.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Thank you, sir. Sir, about naman po doon sa anti-terrorism bill. Since Malacañang or the President certified it as urgent yesterday, of course umingay po ulit. May mga criticisms asking mainly bakit po kailangan nito, why is this a priority bill when we are in the middle of a pandemic? And although the government is saying that there are safeguards, many are concerned and they are expressing their fears na paano naman po on paper, it looks nice but the implementation could be different, sir.

**SEC. ROQUE:** Well, alam po ninyo medyo may alam tayo diyan, mayroon po tayong three volume books na pinablihan ng Cambridge na kinukumpara ang mga anti-terrorism law sa buong mundo at isa po talaga sa pinakamaluwag na batas ang batas natin dito sa Pilipinas iyong Human Security Act. So, ang mga provision naman po ng amendment to the Human Security Act eh binase rin po natin kung ano iyong mga batas na umiiral sa mga bansa gaya ng Inglatera, Estados Unidos at saka Europe, Australia, lalong-lalo na. So, wala naman pong draconian na provision diyan, lahat po ng provision diyan ay ibinase rin natin sa mga batas na mga iba't ibang bansa na mas epektibo po ang kanilang pagtrato dito sa mga terorista.

Now, alam ko po panahon ng COVID, pero itong mga bills naman pong ito ay naisampa na noong 17<sup>th</sup> Congress pa, hindi lang naisa-batas noong 17<sup>th</sup> Congress. At huwag po nating kalimutan, hindi po tayo estranghero sa terorismo – nandiyan po iyong karanasan ng Marawi, nandiyan pa rin po iyong mga pinaggagawa ng Abu Sayyaf sa Sulu.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Sir, my last question is for Secretary Bello po. Sir, nabanggit po ninyo kanina na mayroong over 300,000 OFWS na apektado po nitong, or are displaced or

nawalan ng trabaho dahil po sa COVID-19. Ano na po, sir iyong magiging plano ng government for these people, mukhang dumadami po iyong unemployed individuals natin dito sa country and at the same time, sir, isabay ko na rin po iyong doon po sa discovery ng mga illegal Chinese health facilities. May balita na po ba tayo kung may mga nalinya po ba for deportation na involved dito sa illegal Chinese health facilities and ano po iyong ginagawa noong mga Chinese, itong doctors dito sa Pilipinas and at the same time, ano po iyong nature ng trabaho noong mga kumbaga clients nila, iyong mga pumupunta po doon?

**SEC. BELLO:** Thank you for the question, regarding po doon sa 343,000 plus na affected by COVID-19, I mentioned to you na 341,000 ang displaced. In other words, they were either terminated ang trabaho, they are no longer employed or they continue to be employed, kaya lang hindi sila makapasok because of the lockdown, hindi sila makapasok, so no work, no pay – so, displaced pa din sila.

Ngayon, doon sa 341,000 na iyan, magtataka kayo that only 95,000 are stranded. Sabihin ninyo sa akin, what happened to the more than 100,000? I will tell you, I myself was surprised that more than ... almost 200,000 of them do not want to come home, ayaw umuwi. They'd rather stay there, especially those coming from America and from Europe – Rome, Madrid, United Kingdom, ayaw magsi-uwi. So, anyway that makes our work lighter, kasi we are left with only 95,000 stranded; only 42,000 to be repatriated. Kaya lang, we can only repatriate only 16,000.

Now, regarding po iyong sa mga Chinese, alam mo when you are caught violating the laws of the country, ang immediate action diyan is deportation. Now, when it comes to deportation po, only the Department of Justice can answer that.

**SEC. ROQUE:** Pero siguro po dadagdagan ko lang. As far as deportation is concerned, automatic naman po iyon: Kung ikaw ay isang dayuhan at nahuli na may ginagawang krimen, isang option po is iyong immediate deportation. Pero mayroon pong proseso na dapat sundin bago sila finally ma-deport – iyong declaration of being undesirable alien kung sila ay may papel o di naman kaya kung talagang illegal ay iyong deportation for lacking of papers to remain in the country.

**USEC. IGNACIO:** Good afternoon Secretary Roque. From Rose Novenario: Ano daw po ang paraang naiisip ng pamahalaan para makabangon ang ekonomiya nang hindi isinasakripisyo ang kapakanan ng mga manggagawa. Bakit daw po kailangang magdusa ang mga obrero ang kawalan ng maayos na plano ng gobyerno sa public transportation, gayong sila ang inaasahang puwersa para maibangon ang ekonomiya mula sa dagok ng pandemya?

**SEC. ROQUE:** Akin iyong first part, iyong second part kay Secretary Tugade.

Iyong first part po, sa susunod na linggo, ige-guest na natin dito si Secretary Karl Chua at saka si Secretary Dominguez, matapos nating i-guest si Secretary Avisado. Pero ang strategy po natin para sa recovery, umaasa pa rin po tayo sa Build, Build, Build. At umaasa pa rin tayo sa second part ng ating tax reform, iyong para sa income tax reform naman para ipababa ang

corporate income tax, pero tatanggalan na iyong mga loop holes. So importante pa rin po iyan sa ating estratehiya.

Iyong sa pangalawang question – Secretary Tugade?

**SEC. TUGADE:** Yes, ma'am. Iyong sa katanungan ho, mayroon hong dalawang predikado doon na gusto kong tumbukin. Una ho, sinasabi sa katanungan na sinasakripisyo natin iyong mga ordinaryong manggagawa. Pangalawa po, sinasabi sa katanungan walang plano sa transportasyon. Hayaan ninyong himayin ko iyong katanungan na ito. Una, iyong sinasabing walang plano – mayroon hong plano.

In fact, ang nangyayari dito ngayon for the first time nakikita ninyo iyong pagbabago ng landscape ng EDSA – for the first time nakikita ninyo iyong bus augmentation. Marami pa hong mga plano, hindi ho totoo na walang plano. Mayroon pong mga plano at sa aming paglunsad at pagganap ng mga planong ito, naturalmente na mayroong mga taong nai-inconvenience. Sinasakripisyo ho ba natin ang mga manggagawa – hindi po!

Lahat po tayo dito sa panahon na ito ay may tama, may inconvenience, may moments of discomfort, lahat ho tayo mayroon niyan. Ang pakiusap ko lang ay magkapit-bisig tayo at intindihin natin iyong estado/sitwasyon, sapagkat itong inconvenience na ito sa aking pananaw at sa aking paniniwala ay temporary lamang. Mapapalitan ho ito ng tinatawag natin na long lasting convenience and connectivity and mobility of people. Ako po ay nakikiusap na dapat magkaintindihan tayo, dapat magkapit-bisig.

Doon sa katanungan, ano ho ang gagawin natin upang iyong ekonomiya ay manatiling umusad at manatiling lumipad. Nabanggit na po ni Secretary Harry iyong Build, Build, Build. Marami pong mga flagship project ng Build, Build, Build na tinutukoy at binibitbit ng Kagawaran ng Transportasyon. Plano po namin na ituloy ito in accordance with the timelines that is acceptable and within the context of commitments in so far as the nature and the depth and substance of the projects are concerned.

Naniniwala ho kami na iyong pagtaguyod at pagganap ng Build, Build, Build – mga flagship projects – ito ho ay magsisilbing plataporma at susi upang ang ekonomiya ay manatiling umusad at manatiling mag-grow at mag-grow, ito lang po. Maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Tanong pa rin mula kay Rose Novenario ng Hataw: Ano daw po ang punto ng pagbabawal na makabiyahang jeep kung pinapayagan namang magsiksikan ang mga commuters sa mga truck ng mga pulis at militar?

**SEC. ROQUE:** Sec. Tugade?

**SEC. TUGADE:** Una ho, again, the assumption na pinapayagan namin na magsiksikan sa mga truck, wala ho kaming pinapayagan diyan. Basta ginamit iyong modality of transport, social distancing must be observed. Kung may mga nangyayaring ganiyan, hindi ho iyan resulta ng



pagpayag but resulta ho ng tinatawag nating failure of implementation at kailangan lang i-correct.

Bakit ho ipinagbabawal iyong jeepney? Mayroon ho tayong hierarchy of transport modalities na kung saan nakapaloob doon iyong mga uunahin na gagamitin na transport systems and modalities. Nandiyan ho iyong tren, nandiyan iyong bus, nandiyan iyong P2P, iyong Grab, iyong taxi pati nga ho iyong bisikleta at tricycle nandiyan.

Ibig ho bang sabihin forever hindi na magagamit iyong traditional jeepney? Hindi ho... hindi ho forever na hindi magagamit iyan. Ang ibig lang hong sabihin sa hierarchy of transportation: kung kakapusin ang instrument of transportation, puwede hong ipasok iyong jeepney diyan, kailangan lang ho mayroong roadworthiness.

Bakit ho nasa ilalim ng hierarchy iyong jeepney? Ganito ho iyon, una ho, the health and safety components are there; pangalawa ho, iyong hirap ng social distancing; pangatlo ho, iyong tinatawag na roadworthiness.

Kung makakamtan iyong mga implementable health protocols at magiging roadworthy iyan at kakapusin iyong tinatawag natin na hierarchy of public transportation, then papasok ho at gagamitin iyong traditional jeepneys within that concept and along that depth.

Maraming salamat ho.

**SEC. ROQUE:** Maricel Halili, TV5?

**MARICEL HALILI/TV5:** Hi, sir! Magandang hapon po. Sir, before I proceed to Sec. Tugade. Sec. Roque, do we have an update po on the religious gatherings? What are the chances that the IATF will allow the activities in the church or kung hindi pa po siya naa-approve, kailan po siya naka-agenda?

**SEC. ROQUE:** Naka-agenda po siya kahapon at nagkaroon po ng desisyon na hindi muna po papayagan ang mass gathering for religious purposes. I cannot say when mapapayagan po iyan pero titingnan po natin ang datos. Titingnan po natin kung ang case doubling rate; titingnan po natin ang preparedness for critical care. Pero sa ngayon po hindi pa po papayagan ang mass gathering for religious purposes.

**MARICEL HALILI/TV5:** Okay. Sir, for Sec. Tugade po. Sir, I understand papayagan na po iyong mga domestic flights doon sa mga GCQ areas. Pero what will be the limitations? Paano po if the local government decided that they don't want to accept domestic flights for now? And mayroon din ba silang—do they have the authority to impose for example, quarantine if mayroon pong nagbabalik doon sa mga areas nila?

**SEC. TUGADE:** Napakagandang katanungan ho iyan. Alam ninyo, kagabi naggawa ng isang memorandum order o sulat ang ating mahal na Kalihim, si Sec. Charlie Galvez na kung saan ang sabi niya sa CAB, payagan na iyong commercial aviation GCQ to GCQ provided two things:

1. Hindi gagamitin ito exclusively for leisure; at
2. Kailangan ho aprubado at may conformity iyong local government.

In other words, the moving predicate for this approval is the conformity of the local government in allowing departure and acceptance of the traveling public by air.

Importante ho ito sapagkat tama ho iyong tanong ninyo - eh anong magagawa natin kung gagawin natin paliliparin iyong mga eroplano at hindi naman tatanggapin ng local government o hindi papapasukin?

Kailangan ho harmonized ho iyan at coordinated kaya nakapaloob sa memorandum letter na isinulat ni Kalihim Charlie Galvez, kailangan approved ho ng local government.

**MARICEL HALILI/TV5:** So, if hindi nila inaprubahan automatic, sir, bawal din iyong domestic flight doon and they also have the authority to impose quarantine if they want to?

**SEC. TUGADE:** At this point in time, yes, ma'am ... yes, ma'am. Gusto ho naming ilunsad itong proyektong ito na mayroong harmonized cooperation, harmonized understanding between IATF, the aviation authority and the local government.

**MARICEL HALILI/TV5:** Sir, last question po for Sec. Bello. Sir, you mentioned earlier na nasa 343,000 iyong affected na OFWs but the budget for the AKAP, iyong subsidy natin for OFWs is good for 150,000 only. So, I understand you already asked for additional budget. Ano na po iyong nangyari doon sa request natin for additional budget; kaya po ba ng DOLE na tulungan iyong 343,000 affected?

**SEC. BELLO:** Very good question. Originally, we asked for a budget reallocation of 1.5 billion because we estimated that there would be at least 150,000 displaced OFWs but it turned out while we were accepting the application for cash assistance na we already received 450,000 application for cash assistance, reason for which we asked for additional budgetary allocation.

Fortunately, the President approved addition budget allocation of one billion, so total of 2.5 billion ang natanggap namin. And so far, we have paid 145,000 OFWs, that amounts to about 1.450 billion, so mayroon pa kaming naiwan na 1.1 billion.

Pero again, looking at the applications, baka kukulangin iyan, so we may again be compelled to ask for additional budgetary allocation to be able to satisfy iyong application noong more than 450,000, although nabawasan na rin iyon dahil nabigyan na namin iyong iba. And then hindi naman lahat iyong nag-apply ay na-approve kasi so far, ang approval rating is about 30-40% lang.

So, iyon po ang status - nakapagbayad na kami ng 145,000 na OFWs and the cost would be 1.1 billion 450 million plus and we are still processing the 450,000 applications. Hopefully it would

be able to pay up to the extent of another 1.1 billion without prejudice to our asking for additional allocation from the President.

**SEC. ROQUE:** Kasama rin po natin ngayon – Thank you, Secretary – si Atty. Martin Delgra III, LTFRB chairman. So, MPC, kung may tanong kayo sa LTFRB lalung-lalo na sa isyu ng pasahe na mayroon pong limited capacity ang ating mga public utility vehicles.

Yes, USec. Rocky?

**USEC. IGNACIO:** Secretary, from Bella Cariaso of Bandera: Sabi po daw sa column ni Atty. Rudolf Philip Jurado, unconstitutional ang isinusulong na extension ng Bayanihan Heal as One Law hanggang September 30, 2020 dahil batay daw po sa Article VI Sec. 23 ng Constitution kung saan isinasaad nito ang emergency powers na pansamantalang ibinigay sa Pangulo ay titigil sa susunod na mag-adjourn ang Kongreso na nakatakda sa June 5. Ayon kay Jurado, kailangang magpasa ng bagong emergency power law na gaya ng Bayanihan Law at hindi simpleng extension lamang. Ano daw po ang reaction ng Palace dito?

**SEC. ROQUE:** Alam ko po iyong probisyon na iyan na ang emergency powers will expire upon adjournment of Congress and the first regular session of the 18th Congress will adjourn soon.

Ang sa akin po, whether be it ang tawag ay extension, it amounts to a new law kasi wala naman pong extension kung napaso na iyong batas. So, siguro po kahit anong title ng Bill na iyan, it will amount to a new law authorizing the exercise of emergency powers.

Next question, please?

**USEC. IGNACIO:** Iyong question ni Francis ng Daily Tribune, natanong na po ni Maricel Halili kanina about domestic flight. Kay Girlie Linao na lang po: Until when will foreign visitors be banned to enter the Philippines? Do we foresee this rule easing up any time this year? Are balikbayans allowed to enter or are they also banned?

**SEC. ROQUE:** Wala pa ho tayong desisyon sa IATF na papasukin ang mga dayuhan. Alam ninyo po sa OFWs alone eh halos hindi na tayo magkanda-ugaga dahil lahat po ng mga umuwi ay binibigyan natin ng PCR tests. So magkakaroon pa tayo ng mas malaking problema kung pati mga dayuhan ay pauwin natin. So, ngayon po wala pang problema.

Ang second question ay—ano iyong second question?

**SEC. TUGADE:** Balikbayan.

**SEC. ROQUE:** Ah, balikbayan. Depende po iyan, kung Pilipino po sila ay makapasok po sila pero kung ang passport nila ay dayuhan na, considered na po sila as foreign unless mayroon silang dual citizenship.

Next question, please. Si Joyce Balancio.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Yes, good afternoon po, Secretary. Iyong question ko po ay for Secretary Tugade. Sa isang webinar po organized by Move As One Coalition, mayroon pong ilang mga groups doon na expressing concern dito po sa new EDSA bus system natin na gumagamit tayo ng median lane. Paano daw po ito para sa mga PWDs? Hindi po ba ito mas mahirap sa kanila kasi under the new system kailangan pong gumamit ng overpass and aakyat pa sa platform ng MRT para po makapunta sa median lane. Ano iyong assistance na ibibigay natin sa PWDs po?

**SEC. ROQUE:** Sec. Tugade?

**SEC. TUGADE:** Una po, kung mayroon hong mga grupo o mga indibidwal na nag-o-object doon sa paggamit ng median lane, mayroon din ho namang mga grupo na nagsasabing, “Yehey panalo, naumpisahan na iyong median lane.” Ibig hong sabihin, mayroon hong mga iba-ibang opinyon at ngayon ho nakakarami po sa aming pananaw at sa aming mga natanggap na ini-endorso ho iyong paggamit ng median lane.

Katanungan: Ano iyong mga gagawin para iyong tinatawag na senior citizen at mga persons with disability? Nasa programa ho iyan. Ngayon ho iyong apat na bus augmentation system, eh ginagamit ho iyan para sa MRT-3; ito, pang-MRT-3 iyan. At habang ginagawa iyan, mayroon hong planong maglagay ng tinatawag na bridge at mga pedestrian way na kung saan importante at mahalaga iyong kapakanan, safety and welfare ng lahat ng mga pedestrian at lahat ng mananakay lalo’t higit iyong tinatawag natin na senior citizen at mga persons with physical disability.

**SEC. ROQUE:** Okay. May idadagdag yata si Chair Delgra?

**CHAIRMAN DELGRA:** Magandang umaga po. Tama po iyong sinabi ni Kalihim/Secretary Tugade na mayroon pong median lane na nilalagay at iyong median lane po, para sa bus po iyan. Siguro ang tinutukoy doon na tanong is iyong kung saan mailalagay iyong bus stop? Iyong bus stop po ay iyong isang type of bus stop nandoon sa ilalim ng MRT. Iyong isa naman po nasa iyong tinatawag na third lane. Eh dalawa iyon pong ibig sabihin ng access papunta doon sa bangketa. Ang ibig sabihin po na puwedeng umakyat doon sa footbridge at iyong tinatawag na—iyong tanong po kanina na at grid crossing, iyong pagtatawid po papunta sa bangketa ay pinag-uusapan pa rin po.

And again, the point of the matter here is really as to whether it is safe to cross the road from where the bus stop is? So iyon po ang pinag-uusapan sa ngayon. At ultimately ang sinasabi po natin dito, iyong kapakanan at kasiguraduhan ng ating mga mananakay lalung-lalo na dito sa EDSA bus loop service ay masisiguro natin kung tatawid na sila sa kabila.

**SEC. ROQUE:** Okay, next question. The time is 12:47, actually I need to call the attention to this kasi iyong mga kapatid natin sa KBP, bumibitaw po sila sa coverage ng mga 1:10 'no. So we need to finish by 1:10. Yes, next question please.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Opo, kay Secretary Bello po and kay Secretary Roque. Nabanggit ninyo po before na iyong mga OFWs na wala na pong trabaho dito, they will be targeted for Build, Build, Build projects of the government. Ito po ba ay tuloy pa rin and papaano po ba iyong pagpili sa OFWs? For construction workers lang po ba ito? Paano po iyong mga OFWs na hindi naman po kaya iyong trabaho sa construction?

**SEC. BELLO:** Tama po iyon. Doon sa mga Build, Build, Build program ni Secretary Tugade at saka ni Secretary Villar ay malaki ang opportunity para sa ating mga OFWs lalung-lalo na iyong mga skilled workers dahil magagalang na construction workers ang mga iyan eh. So they will be well fitted for the work to do the construction work of DPWH at saka DOTr.

Ngayon iyong mga hindi naman ma-accommodate sa construction business, mayroon naman tayong livelihood project, livelihood assistance to all overseas workers na ni-repatriate namin. They will not only be entitled to cash assistance of P10,000 to P20,000; P20,000 kung active member ka ng OWWA at P10,000 kung hindi ka active member. Ngayon in addition to iyong financial assistance na iyan, bibigyan ka ng livelihood assistance. When we say assistance, bibigyan ka ng P20,000 ininegoso mo, walang bayad, walang interes.

Pero kung gusto mo na medyo maganda-gandang negosyo, halimbawa gusto mong mag-put up ng catering business, puwede kang umutang ng P100,000 walang interes naman iyan. Okay, so in addition to that mayroon kaming special program sa lahat ng mga returning OFWs, iyong tinatawag naming scholarship certificate. Kapag mayroon kang tatlong anak, iyong tatlong anak mo scholar namin; kung mayroon kang sampung anak, pasensiya na kami, sampung anak mo rin ang scholar namin. Those are what we call the integration program for our Overseas Filipino Workers. Thank you po.

**SEC. ROQUE:** Bukod pa po sa programa ng DOLE, mayroon din pong livelihood assistance ngayon ang binibigay ng DTI. Up to a P100,000 po ang mauutang doon sa mababang interes at mayroon din pong separate na livelihood program ang Department of Agriculture. Secretary Tugade?

**SEC. TUGADE:** Idagdag ko lang po, maigsi lang ito. Mayroon din ho tayong tinatawag na training – onsite-training, doon sa mga overseas worker na gustong mag-involve sa konstruksiyon. Itong onsite training ay ginagawa ho namin in close coordination not only with TESDA, with DOLE, but also with the contractor themselves na pumapayag ho sila na habang nagti-training, may sahod na iyan at kung magka-training ia-assimilate iyan sa project mismo. Mayroon pong onsite-training na napaloob sa programa ng Build, Build, Build ngayon.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Last question na lang po, Secretary. Just to clarify lang po, isi-certify as urgent pa ba ni Pangulong Duterte iyong extension ng Bayanihan to Heal as One Act,

I believe parang nabanggit iyon ni Senator Zubiri? And marami po kasi nakapuna, bakit nauna daw pong i-certify pa as urgent iyong amendments sa anti-terrorism law kaysa dito sa extension of Bayanihan to Heal as One Act when in fact we are facing bigger problems like COVID po?

**SEC. ROQUE:** Lilinawin ko lang po ano, kahapon lang po nang hapon napadala iyong certification. Kaya noong tinanong ninyo ako noong umaga, totoo po, hindi pa siya certified urgent dahil pa nakakarating sa Kamara de Representantes.

Pero uunahin ko lang po na gaya ng sinabi ko kanina, 17<sup>th</sup> Congress pa po nai-file ni Senator Ping Lacson sa Senado itong panukalang batas na ito at 18<sup>th</sup> Congress na po tayo ngayon. So hindi naman po tama, talagang matagal nang nakabinbin po iyong amendments to the human security act.

Now pagdating po dito sa We Heal as One Act, well papa-adjourn na po kasi ang Congress 'no, let's face it 'no, parang kung kinakailangan talagang maipasa iyan sa lalong mabilis na panahon, baka kinakailangan mag-special session 'no kasi pa-adjourn na po ang Congress. Pero ang tingin ko po, whether be it pagbalik ng Kongreso or request for special session, wala naman pong magiging problema iyan dahil iyong mga kapangyarihan po na binigay ng Kongreso kay Presidente, nagamit naman po iyan lalung-lalo na iyong pag-purchase ng mga COVID-related medical equipment nang hindi na dadaan sa bidding requirements ng 9184 at saka iyong pag-realign ng budget.

Noong huling naging guest po natin dito si Secretary Avisado, na-realign naman po ang mga kinakailangang ma-realign, pero gaya ng sinabi ni Secretary Avisado, iyong supplemental po will depend sa pagkakaroon ng additional sources of revenue. So sa tingin ko po, hindi magiging problema.

**USEC. IGNACIO:** Tanong dito ni Julie Aurelio, kasi nandiyan na po si Atty. Delgra: Kailan daw pupuwede ang jeep at ano daw po ang suggestion ng DOTr sa physical distancing dito? At kay Haydee Sampang naman daw po, iyong sa religious gatherings, kung pareho daw po ito sa GCQ at MGCQ areas na bawal?

**CHAIR DELGRA:** Opo, salamat po sa tanong ano. At sinasabi po natin paulit-ulit na iyong sinusunod po natin iyong hierarchy of public transport sa dalawang bagay po. Unang-una iyong mga bus kaya nasa taas ng hierarchy iyan, kasi mas malaki iyong kapasidad nila. Alam naman din po natin na bawas po ang kapasidad dahil sa social distancing, so inuuna po natin iyong mga modes of public transpo na mas malaki iyong kapasidad compared to those sa maliliit.

At pangalawa po, sinabi na rin po ni Secretary Tugade, iyong kapasidad na ma-ensure iyong social distancing ay nandoon po sa mga fleet-managed na mga sasakyan kagaya ng mga bus. So however, kapag kukulangin po iyan, kukunin po natin doon sa tinatawag nating compliant

modern jeepney. Kung kulang pa rin po iyan, doon na po tayo doon sa mga ibang modes of public transport.

**SEC. ROQUE:** Pagdating po sa tanong sa religious gatherings, hanggang sampu pa lang po. Kasi iyong numero po na sampu ay para sa GCQ at nakasulat po doon sa resolution sa MGCQ ay pagkakasunduan pa kung ano iyong maximum number. So wala pa po iyang ganiyang number, so hanggang sampu pa lang po. Next question please.

**USEC. IGNACIO:** From Rosalie Coz ng UNTV: Ano po ang assessment ng Palace at ng IATF doon po sa first day ng GCQ? May nakikita po ba kayong lapses or satisfied naman po kayo sa naging behavior ng public?

**SEC. ROQUE:** Well, ang naging balita po ng ating mga pahayagan ay marami daw na-stranded. Pero gaya ng sinabi ni Secretary Tugade, ang pakiusap po natin ay bagama't tayo ay GCQ na subukan pa rin po natin na mag-50-50 at least dahil talagang hindi po sapat ang transportasyon natin kung papapasukin natin ang 100% ng ating work force.

Sa gobyerno naman po mayroon na po tayong Civil Service Commission na resolution na nagsasabi na bagama't 100% back to work na ang gobyerno, 50-50 pa rin kung pupuwede. At sana po ganundin ang gawin ng pribadong sector, dahil sa ngayon po wala pa talagang 50% capacity ang ating public transportation.

Yes, Secretary Tugade.

**SEC. TUGADE:** Doon po sa katanungan na ano iyong obserbasyon o ano iyong nagiging pananaw namin sa one and a half day na inilunsad natin iyong bagong pamaraan ng Department of Public Transportation. Himayin po natin ito, doon sa riles ang obserbasyon po namin, panalo iyong social distancing na ginawa. Kaya nga ba itutuluy-tuloy pa ho natin iyong pagtakbo doon sa MRT 20 train sets, kasama na ho dito iyong tatlong train sets na Dalian. Itutuloy po namin iyong pagtakbo ng LRT 1 na 28 trains sets. Iyong LRT 2 itutuloy iyan kasama na rin ho iyong PNR. Sa LRT 2, lima ho iyan, mayroong isang naka-reserve papatakbuhan po namin iyan. Sa PNR walong tren, anim iyong bago, na nagmula sa Indonesia, sa Inka. Lahat ho ito ay papatakbuhan, ime-maintain po namin iyan.

Doon sa bus augmentation, ano ho iyong obserbasyon, it worked. In the one and a half day that we have launched it, it worked; at itutuluy-tuloy po natin iyan.

Liwanagin ko lang ho, iyong apat na istasyon ngayon is not permanent. Ito ho is a moving number of stations na kung saan sa pagdating ng mga araw at sa pangangailangan ng tao, puwede po nating dagdagan iyan at isasama ho namin sa tinatawag iyan na programa para sa tinatawag na kabuuang programa not only sa EDSA pati na sa labas.

Iyon hong tinatawag na City buses, baka akala ho natin, ng nakakarami, ang inaasikaso lang ho natin, iyong EDSA. Hindi ho, mayroon din hong mga transportation requirements na ina-address na ginagampanan outside of EDSA. Ito ho ay ginagamitan natin ng mga city buses.

Ano ho iyong obserbasyon sa katanungan? Nakita ho namin kahapon na kinakailangan dagdagan pa iyong mga ruta, kaya nga ba't kagabi sa unang araw ng aming pagpupulung-pulong, sabi ni Chairman Delgra, 'sige na, dagdagan natin ng dalawa pang ruta.' Iyong dalawang ruta ho: ito ho iyong Angat to Quezon Avenue, iyan ang una; pangalawa ho, dinadagdag namin iyong sa Dasmariñas papuntang PITX.

Ang ibig lang pong sabihin nito, as we launch and as we implement the system we are doing now, kung makikita ho namin na mayroong kaganapan at kailangan na dapat gampanan, gagawin po namin. Kaya nga pinakita po iyan sa pagdagdag ng dalawang ruta kagabi.

Iyong free shuttle ho, tuluy-tuloy ho iyan. Mayroon po tayong free shuttle para sa mga frontliners, sa mga medical practitioners.

Alam po ba ninyo, sir, kahapon lumagpas na kami sa 1 million na siniserbisyuhan na mga frontliner at mga medical practitioner. Tanong: itutuloy ba ho iyan? Yes!

Doon sa ibang free shuttle nagbigay ho at nag-ambag ang Department of National Defense, ang Philippine Coast Guard, ang PNP, lahat po ito nagkakapit-bisig at nagbibigay ng mga libreng sakay. Ito ho iyong eksperyensa sa unang araw, ito po iyong obserbasyon sa unang araw na plano ho naming bitbitin, baguhin at improbin in the coming days. Maraming salamat po.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir, good morning. Good morning, Secretaries, Atty. Delgra. Sir, question ko po muna is for Secretary Tugade. Can you walk as through po iyong mga interesado na magbiyahe gamit ang eroplano pabalik sa kanilang mga bahay. Ang sabi po ay hindi pupuwede iyong leisure. But how do you establish na hindi po leisure iyong pagpunta doon and then pagdating po nila doon—ah bago po sila pumunta doon, ano po iyong kailangan nilang mga dokumento na hawak at pagbaba po doon ay kailangan silang i-quarantine.

Sir, kunwari bibiyahe tayo, can you walk us through kung ano iyong puwedeng... at dapat gagawin?

**SEC. TUGADE:** Ganito ho iyan, una sa leisure. Sir, talagang iyong leisure ay wala naman silang mapupuntahan sarado pa iyong hotel, sarado pa iyong resort, hindi pa ino-okayhan ng DOT na kung saan tugma at nauukol lang iyan sa tinatawag na Modified GCQ. GCQ to GCQ, wala ho talaga. Iyong mae-experience iyong leisure at tourism wala pong pasilidad kaya hindi.

Ngayon, I will walk you through and please follow me. Mayroon hong pasahero pupunta, magbo-book iyan, magre-reserve, iyong ni-reserve na ticket naka-schedule po iyan, pre-



schedule iyan. Hindi po puwedeng pumunta lang doon at mag-antay, hindi ho. Kasi this is the standard commercial operation where there will be pre-booking, onsite booking.

Ngayon, magkakaroon po ng sariling pamantayan at patakaran ang mga local government. Maalala po ninyo iyong sabi ko kanina, lahat ho ito gagawin natin in coordination and in harmony with the local government. In other words, whatever the protocols which the local government will implement, pag-uusapan po iyan at pag nagka-agree susundin po iyan. Saan protocol iyon – pagpunta, pagsakay, paglapag, paglabas ng eroplano at paglabas ng airport. Ito po ay suma total.

Kahapon po ay nakipag-usap ako, nakipagpulong ako sa ilang airlines kahapon ng tanghali, this was an impromptu meeting na kung saan napagkasunduan namin iyong announcement, iyong ticketing, iyong booking at napagkasunduan ho namin na babaybay at gagabay ho kami sa mga protocols na gusto ng local government na na-approve ng IATF and in accordance with the health protocol of the Department of Health.

**SEC. ROQUE:** The time is 1:01, pati pala PTV 4 bibitaw ng mga 1:15. So, bilisan na po natin ang mga tanong. Joseph, please, quickly your second question?

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Yeah, I think this is your idea this much Secretaries in your briefing. But anyway, sir, iyon pong sa provincial travels—kay Secretary Tugade and kay Atty. Delgra, iyon pong mga kababayan natin, we've been receiving a lot of questions na puwede po ba silang magbiyahe na gamit iyong mga provincial buses, papaganahin na po ba iyan? Papaano po iyong magiging procedure? Do we need travel passes, travel authority and iyong quarantine procedures, sir?

**SEC. TUGADE:** Iyong mga proseso ho sa lisensiya at certification ng mga babaybay at tatakpong buses. Kung ipapahintulot mo, Joseph, ibibigay ko iyan kay Chuck, para nang sa ganoon detalyado iyong presentasyon.

Pangalawa ho, talaga namang kung travel ng GCQ to GCQ iyan, eh dapat i-allow po iyan. Sabi nga po sa cargo, sa cargo rin, dapat sabi ng IATF, unhampered flow of cargo lalo't higit kung ito ay bumabagtas sa kuwalipikasyon 'essential' gaya ng pagkain at medisina.

Chuck, can you itemize the requirement for registration. including the online registration and processing.

**CHAIRMAN DELGRA:** Hi, Joseph. Magandang hapon po. Iyong tanong po iyong sa provincial bus, iyong pagbibiyaha po ba iyan, iyon po ba iyong tanong ninyo kanina?

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Opo. That's right, sir.

**CHAIRMAN DELGRA:** As mentioned po kanina na iyong pagtatalaga po natin ng public transport, land-based public transport for that matter and even across the transport facilities, calibrated iyong response natin dito at partial and in phases.

In phases naman po, originally we have mentioned that Phase 1 starts when GCQ, when Metro Manila would be considered GCQ area already; pero mayroon po tayong timeline until June 21. Now having said that, iyong initial assessment po natin dito wala na muna iyong provincial bus trips papunta at palabas ng Metro Manila except po iyong ginagawa ng balik estudyante, balik OFW programs kasi ito po iyong mga tugon at instruction ng Presidente na makauwi na iyong mga OFW papunta sa probinsiya. But the regular provincial bus routes po, hindi pa po pinapayagan. At tinitingnan po natin on the ground papaano natin gawin iyan.

Although, inaayos na rin po natin, together with the DILG, kasi isasama na rin po natin dito sa implementation. Sila po iyong kasama natin dito pagdating dito sa ensuring the health protocol sa loob ng sasakyan. Lalung-lalo na, the same thing also with the ... iyong pagbibiyaha sa eroplano, kailangan iyong galing sa origin at papunta sa destination, whichever it may be – either coming from Metro Manila, going out or from the province, going in. So iyon po ang inaayos natin sa ngayon at napagpa-planuhan naman din po.

**SEC. ROQUE:** Okay, last question.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir, can I have one last question for Secretary Bello? Sir, good afternoon.

**SEC. BELLO:** Good afternoon.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir updates lang ‘no, may tatlo lang na concern, iyong mayroon pong mga manggagaling ng Dubai at apat na beses daw po sila na na-cancel iyong flights – that’s one. Number two, may mga dumating po galing Cayman Islands, hindi pa raw po sila nasa-swab doon sa mga facilities na they are in, in the Philippines. And number three, mayroon pang mga 400 na mga Filipinos in Korea na mag-i-expire na iyong visa and they fear na mag-TNT kung hindi sila makabalik sa Manila. Those are the three questions, sir.

**SEC. BELLO:** Okay. I will answer first iyong last, iyong tungkol sa Korea. Mabuti kasi nandito si Secretary Tugade kasi kailangan ng authority ng Korean airlines na makapunta dito. The moment we get a clearance from Secretary Tugade, then they can fly-in, iyong mga kababayan natin. Okay?

Iyon naman sa Dubai, nagkaproblema tayo doon dahil sa lockdown, oo, walang nakakalipad pa ngayon. Pero our labor attaché reported to us, but maybe in a day or three, two or three days, baka mabigyan na sila ng clearance na puwede nang i-allow some ... selective flights nai-allow nila to be able to send our OFWs back to our country.

**SEC. ROQUE:** Usec. Rocky?

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Okay, sir. Thank you for your time.

**SEC. ROQUE:** Thank you, Joseph.

**USEC. IGNACIO:** Sir, iyong second question ni Rosalie, natanong na ni Trish, about doon sa illegal na clinic na gumagamot ng COVID patient. Tanong na lang po ni Sam Medenilla ng Business Mirror para kay Secretary Bello. May report na po kayang nakuha ang DOLE na companies na hindi nag-comply sa Joint DOLE-DTI Guidelines to Prevent the Spread of COVID-19 sa worksite? Ano po ang gagawin ng DOLE sa mga nasabing reports?

**SEC. BELLO:** Well, very few, very few pa ang natatanggap namin doon sa compliance with aming health protocol, very few pa lang. Kasi unang-una, wala pang nakakapag-inspect dahil alam ninyo naman na skeleton force ngayon, mga skeletal force ngayon ang ating nasa gobyerno so hindi pa masyadong marami ang nagku-complain.

Pero iyong mga ... nakakatanggap kami ng complaint about some companies not complying with the health protocols. Then we give them the notice and then require them to comply. We give them 15 days to comply, after that, kung hindi sila mag-comply ay may mga administrative penalties.

**SEC. ROQUE:** Next question please.

**USEC. IGNACIO:** For Secretary Tugade, may infrastructure project po kaya ang DOTr na hindi matutuloy because of COVID crisis? If mayroon, ilan po kaya at ano po ang gagawin ng government sa pondo for the said project?

**SEC. TUGADE:** Una po, kung kami ay masusunod, ayaw po namin na mayroong flagship projects sa Build, Build, Build na hindi matuloy. This having been said, our completion of projects takes two concepts: One is completed as a whole; and the other is, partial operability. Given these concepts, ang kagustuhan po naming matapos lahat iyong proyekto na nasa Build, Build, Build flagship project in relation to the Department of Transportation matapos ho iyan bago ang termino ng ating Pangulo, President Duterte. Hangarin po namin na lahat iyong Build, Build, Build Project na nakaatang at nakapresinta ngayon upang matuloy at mapausad ay ating matapos.

Ito ho, kapareho nang umpisa kaninang usapan, may tinanong ho kayo, “Ano iyong isang sikreto o ano iyong isang pamaraan na kung saan iyong ekonomiya ay mananatiling tatakbo at uusad. Sinabi ko ho iyong Build, Build, Build Project, iyong flagship project, kailangan huwag maantala; kailangang bigyang katuparan.

Sa katanungan: Ano iyong mga project na hindi matutuloy? Ayaw ko pong isipin na mayroong mga projects sa Build, Build, Build na hindi matutuloy. Salamat ho.

**SEC. ROQU:** Okay, next question.

**USEC. IGNACIO:** For Secretary Roque, tungkol pa rin po ito sa SAP, doon sa second tranche. Ano daw po ang gagawin ng government sa matitira sa one hundred billion budget para sa second tranche ng SAP?

**SEC. ROQUE:** Wala pong matitira diyan kasi bagama't 12 million plus iyong manggagaling sa unang listahan, mayroon din tayong five million plus na bagong mga pangalan. So uubusin po natin iyan dahil nasa batas po iyan.

Melo Acuña?

**MELO ACUÑA:** Good afternoon, Mr. Secretary. Good afternoon to Secretary Tugade. Let me just ask what's the future of the Philippine aviation industry considering COVID-19? That's the first concern. Secretary Tugade, please.

**SEC. TUGADE:** The future of the aviation industry, one word: DICEY. Kasi mayroon ho tayong kalaban na talagang masyadong madaming variables, ni hindi natin nakikita itong punyeterong COVID na ito. Eh talagang it's really very dicey.

Around the world, there are many airlines now declaring bankruptcy. But we are mandated locally that we protect and help assure the continued viability and operations of our own local aviation partners. Kaya nga po doon sa diskusyon doon sa tinatawag na Kongreso, House of Representatives at Senado, mayroon ho kaming iprinesintang economic stimulus act. Ito ho ang mga bagay-bagay na kung saan bibigyan ng suporta ang ating aviation industry.

What is the aviation industry as you look forward in the horizon? Sir, sana ho ay magsama-sama tayong magtulongan para nang sa ganoon as we traverse and we as we conquer COVID-19, the subsistence, the continued subsistence and the operation of our local operators are maintained and guaranteed and assured.

**SEC. ROQUE:** Last question.

**MELO ACUÑA:** For Secretary Bello, just two brief concerns. Ano po iyong balak ninyong programa sa mga [garbled]? Pangalawa, samantalang siniterfy [certified] ni Pangulong Duterte na urgent—

**SEC. ROQUE:** Choppy ka po, Melo. Hindi namin nakuha iyong first question mo.

**MELO ACUÑA:**—ang anti-terror bill. Ano po ang nakikita ninyo, mayroon pa bang pag-uusap sa pagitan ng CPP-NPA-NDF at ng pamahalaan?

**SEC. ROQUE:** Sagutin ko na po iyong pangalawang tanong: Wala po muna sabi ni Presidente sa ngayon 'no. Pero baka naman puwedeng magbago pa rin iyan 'no, Sec.

Pero iyong unang question mo, hindi narinig ni Sec. Bello.

**SEC. BELLO:** Hindi ko narinig Melo iyong first question mo eh.

**MELO ACUÑA:** Opo. Ano po ang balak ng Department of Labor sa bagong normal para sa mga manggagawa natin? What plans have you for the new normal? Thank you.

**SEC. BELLO:** Siyempre, Melo, ang aming mandato ay protection of employment. Gusto kong i-emphasize iyan kasi mayroong misperception na ang DOLE is responsible for creating jobs – wala po kaming ganoong mandato. Our mandate is to preserve employment. Kaya marami po kaming post-COVID-19 recovery plan, and one of them would be a salary subsidy for employer – ito para employers ha, hindi for employees. We will subsidize, our proposal is to subsidize our employers by 25 to 50%, provided that retain their employees or even increase their employees. Iyon po ang number one na plano namin para ma-preserve ang employment, at the same time, strengthen iyong operation ng mga businesses.

**SEC. ROQUE:** Yes, Usec. Rocky? Thank you, Melo.

**USEC. IGNACIO:** May pahabol lang si Julie Aurelio. Sa Commonwealth na lang daw po, ano ang sasakyan mula bahay hanggang MRT-3 o augmentation ba ng bus kung wala daw pong dyip?

**CHAIRMAN DELGRA:** Ang katanungan po ay specific sa Commonwealth. Iyong sinabi po ni Secretary Tugade na iyong ruta ay Angat sa Bulacan na dadaan sa San Jose Del Monte, Bulacan, pababa sa Fairview hanggang sa Commonwealth hanggang doon na rin po sa Quezon Avenue kung saan mayroon pong MRT station. So ibig sabihin po nito, magku-connect itong ruta na ito galing North papunta doon sa main corridor ng EDSA kung saan puwede silang pumili na sumakay ng tren o sasakay ng EDSA bus augmentation service po.

**SEC. ROQUE:** Julie, kung diyan ka nakatira, susunduin kita ng padyak. Yes, question pa, Rocky?

**USEC. IGNACIO:** Opo, mayroon pa po, para pa rin kay Atty. Delgra. Iyong 1-UTAK may hiling daw po na ipagpaliban muna ang jeepney modernization program implementation at payagan muna silang makabiyahe dahil wala raw silang kita sa loob nang halos dalawang buwan.

**CHAIRMAN DELGRA:** Patungkol po diyan, as we have mentioned earlier, ang kapakanan po ng ating mga mananakay ang nananaig kasi nga ho public health issue po ito, secondary po iyong public transport. But nevertheless, pagdating naman din po sa assistance na sinasabing matagal na ring walang trabaho, tuloy-tuloy po iyong ugnayan natin sa DSWD, kasi alam po natin may mga issues doon sa pagbibigay ayuda lalong-lalo na sa ating mga driver ng ating pampublikong sasakyan. Tuloy-tuloy po ito at sinabi na rin ni Sec. Roque na pati iyong second tranche kahit na Hunyo ibibigay.

So, iyon po ang tinututukan po natin not only in the part of the LTFRB pati na rin po sa DSWD na matugunan iyong ayuda na iyan.

**SEC. ROQUE:** Okay. Our last question, Yuan Mengchen? Yuan?

**YUAN MENGCHEN/XINHUA NEWS AGENCY:** Hello, good afternoon! Good afternoon!

**SEC. ROQUE:** Go ahead

**YUAN MENGCHEN/XINHUA NEWS AGENCY:** I have a question from Hong Kong for Sec. Roque. We know on the second half of last year Hong Kong experienced prolonged social unrest and escalating street violence which plunged the city into the gravest situation since its return to China in 1997. We know more there are more than 100,000 Filipinos living in that city, last year a lot of them said the social unrest made them feel scared. And last week, the Chinese National People Congress adopted a resolution that said China is set to create a Hong Kong National Security Law in the future to safeguard the sovereignty, security and development interest in the City of Hong Kong. So, my question is I wonder if you could give us a comment on this China's legislative move?

**SEC. ROQUE:** Well, in the same way we do not want other countries to interfere in our affairs, that is purely a Chinese matter. We respect the exercise of China's sovereignty over Hong Kong. So, we hope that all Filipinos will also comply with the law because all Filipinos need to comply with the local laws in their host state.

Okay? Now I think we're out of time—

Yes, follow-up question?

**YUAN MENGCHEN/XINHUA NEWS AGENCY:** One follow-up. Do you think that Hong Kong's long term prosperity and stability will benefit the Filipinos in the city too?

**SEC. ROQUE:** Certainly! With at least a hundred thousand workers in Hong Kong, the continued prosperity of Hong Kong will mean continued employment for Filipinos and because of our proximity, we hope that prosperity will continue and will even prosper so that there will be more opportunities for Filipinos to work and make a livelihood in Hong Kong.

**YUAN MENGCHEN/XINHUA NEWS AGENCY:** Thank you.

**SEC. BELLO:** In addition, there are more than 300,000 Filipinos in Hong Kong and just for your information, sir—

**YUAN MENGCHEN/XINHUA NEWS AGENCY:** Okay, okay.

**SEC. BELLO:** Not a single OFW is asking us to bring them home. They are safe there.

**SEC. ROQUE:** Okay. Last three questions from Rocky. Please read all the questions because there will be no station to cover us. Go ahead, please.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Secretary, question from Tina Mendez ng Philippine Star for Sec. Bello: There are many companies who are downsizing their staff as part of cost-cutting measures. Some are closing some of their branches, hindi na po ito maliliit na kumpanya, may mga bangko daw po at car dealership maliban pa sa estimated 300,000 OFWs na pabalik ng bansa dahil wala ng trabaho sa ibang bansa. Ano po ba in the long term ang magiging impact nito sa ating bansa at paano po hinaharap ng gobyerno ang hamon na ito?

**SEC. ROQUE:** Basahin mo na iyong last two questions mo, if you don't mind, Sec? Basahin mo na lahat ng questions para mabilisan ang sagot, please.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Bella Carioso: Iyon pong assistance sa SMEs, marami po ang nagtatanong kasi by the time po na naging effective iyong application, mayroon pang nagagamit na vacation at sick leave ang mga empleyado pero kung ubos na po ang mga leave, pasok na po ba sa ayuda ng gobyerno ang mga empleyado? Kung pinakacancel po iyong application, puwede po ba ito na ma-reconsider?

**SEC. ROQUE:** Sige, both questions po si Sec. Bello.

**SEC. BELLO:** Kapag naubos na po iyong leave benefits eh wala na talaga tayong magagawa... wala na tayong magagawa diyan ano. Pero tungkol naman sa subsidy, binanggit ko kanina sa iyo iyong sa SMSE business establishment, we are studying and in fact we are recommending iyong cash subsidy of 25 to 50% to employers provided that they retain their employees and add additional 20-30% of their workforce. That will generate additional employment.

**SEC. ROQUE:** Iyong unang tanong po, ano iyong impact noong pagsasara ng mga... not just small and medium but even big businesses?

**SEC. BELLO:** So far, iyong aming record will show that because of 20% adopting iyong flexible work arrangement and 80% temporary closing their businesses ay nagkaroon ng displacement of about 2.7 million workers natin; pero hopefully, iyong nag-temporary close they will ano... they will start re-operating as soon as mawala iyong COVID-19.

**SEC. ROQUE:** Last question, USec. Rocky?

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyong tanong ni Darryl Esguerra ng [inquirer.net](http://inquirer.net), nasagot ninyo na po about iyong new Anti-Terrorism Bill. Iyong tanong na lang po ni Gillian Cortez ng Business World: Are there any updates on the Bulacan Airport Project considering its groundbreaking was supposed to be in the first quarter? What can we expect in the second quarter and the rest of the year?

**SEC. ROQUE:** Sec. Tugade?

**SEC. TUGADE:** Ngayon ho, umuusad naman bagamat dahan-dahan iyong Bulacan project. Appreciate din po natin na napangunahan tayo ng mga developments doon sa tinatawag na groundbreaking, mayroon hong family problem ang ating proponent at pumasok iyong COVID.

Ano ho iyong ginagawa ngayon? Sa akin hong kaalaman, ini-inform ho ako na nag-uumpisa na ho sila nung tinatawag na site survey and site relocation. Ito ho iyong una upang mapausad at maumpisahan na ho iyong proyekto. Mayroon na hong ginagawa diyan ngayon.

**SEC. ROQUE:** Okay. We're out of time. Thank you very much, Sec. Tugade, Sec. Bello, Chairman Delgra. Sa dami po ng tanong it would seem that we would have you back here very soon at maraming salamat din, USec. Rocky at sa lahat ng miyembro ng Malacañang Press Corps.

Sa ngalan po ng ating Presidente, Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque nagsasabing, mag-ingat and stay healthy.

Magandang hapon po.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)